# Ang Naging Makaldag na Lakbayin: Isang Pagsipat sa ilang Mahahalagang Yugto sa Kasaysayan ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino

Mariefe B. Cruz
mariefe.cruz.gs@ust.edu.ph

## Abstrak

Bukod sa pagiging akademiko at mananaliksik, malaki rin ang hámon sa isang pilosoper na gampanan ang pagiging kritiko ng kanyang lipunan. Sang-ayon dito, layunin ng kasalukuyang artikulo na ilantad ang ilang manipestasyon ng gampaning ito sa kontekstong Filipino sa pamamagitan ng pagsipat sa ilang mahahalagang yugto sa Kasaysayan ng Kritikal na Pamimilosopiya sa Filipinas. Nahahati sa tatlong yugto ang talakayang ito: (1) ang Simulain ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino noong Panahon ng mga Propagandista, (2) ang Paghina nito Pagpasok ng Dekada '70 sa ilalim ng nabuong Diktadurya, at (3) ang Muling Pag-igting nito pagkaraan ng Diktadurya. Susubuking maghabi ng isang naratibo ang artikulong ito na maaaring makatulong tungo sa pag-unawa sa naging makaldag na lakbayin ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino. Upang mahabi ang pambungad na naratibong ito, ikakasangkapan dito ang ilang primaryang teksto mula sa mga piling Filipinong Intelektwal na sumasalamin sa gampanin ng pilosoper bilang kritiko at salamin ng kanyang kasalukuyang konteksto. Kalakip nito, sasangguni rin ang paghahabing ito sa naratibo ng mga Filipinong pilosoper tulad nina Emerita Quito at Florentino Timbreza hinggil sa kanilang pagdanas sa politikal na klima na nanaig noong Dekada '70, na siyang sumasalamin din sa naging paghina at muling pag-igting ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino noong panahong iyon. Mahalagang masipat ang ilang mahahalagang yugtong ito sa kasaysayan ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino upang magsilbing paalala sa naging ambag ng pilosoper bilang kritiko sa kanyang lipunan at sa maaari pa niyang maging ambag sa ating kontemporaneong panahon.

Mga Susing Salita: Pilosopiyang Filipino, Kritika, Kasaysayan, Dekada '70, Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino


© 2022 Cruz, M.B. | ISSN 2012-2144

# On the Rough Journey Undergone: A Glimpse into some Significant Stages in the History of Critical Filipino Philosophy

Abstract:

Apart from being an academic and a researcher, a philosopher also faces a great challenge to fulfill their role as a critic of their society. In response to this challenge, the current article seeks to unveil some manifestations of this role in the Filipino context by means of glimpsing into some significant stages in the History of Critical Filipino Philosophy. This discussion is divided into three parts: (1) the Beginnings of Critical Filipino Philosophy during the time of the Propagandists, (2) its decline entering the 1970's due to the brewing Marcos Dictatorship, and (3) its re-strengthening after the Dictatorship. This article will attempt to weave a narrative that may aid in understanding the rough journey undergone by Critical Filipino Philosophy. With the aim of incorporating this introductory narrative, some primary texts of chosen Filipino Intellectuals that embody the role of the philosopher as a critic and mirror of their current context will be utilized. Together with this, there will also be a consultation of narratives from Filipino philosophers such as Emerita Quito and Florentino Timbreza on their experiences regarding the prevailing political climate during the 1970s, which also mirror the fall and reignition of Critical Filipino Philosophy during those times. It is vital to take a glimpse into these significant stages in the history of Critical Filipino Philosophy for them to serve as a reminder of the contributions of the philosopher as a critic in their society and their possible contributions as a critic in our contemporary times.

## PAMBUNGAD

Sa mundong Filipino, malimit na lumutang ang katanungan hinggil sa papel ng isang pilosoper sa kanyang lipunan. Bukod sa pagiging akademiko at mananaliksik, malaki rin ang hamon sa isang pilosoper na tumayo bílang kritiko sa mundong kaniyang ginagalawan.[1]

1 Sa igting ng hámong ito, lalo na noong simula ng ika-21 na siglo, nagsilbi itong paksáin ng *Second Thomasian Philosophers' Reunion Convention* noong taong 2002 na may temang *"Philosophy as a Critique of Society & Institutions"*. Bílang susing-pananalita sa naturang kumperensiya, tinalakay ni Emerita Quito ang kahalagahan ng isang pilosoper bílang kritiko ng kinabibilangan niyang lipunan. Tingnan sa Emerita S. Quito, "Philosophy as a Critique of Society," *Karunungan: A Journal of Philosophy* (2002), 38-45.

Sa madalíng salita, hindi maihihiwalay ang pagiging isang kritiko sa pagiging isang pilosoper. Sa daloy ng kasaysayan, maaari nating makita na kasabay ng pag-usbong ng mga bagong ideá ang siya ring pag-usbong ng iba't ibang diskurso at tunggalian hinggil sa mga ideáng ito. Bagaman maaaring tingnan bílang negatibo dahil sa pagsaliwa nito sa agos ng panahon, nagiging mainam na instrumento ang ganitong pagbabatuhan ng mga ideá upang datapwa ay makapagpundar táyo ng isang mainam na kultura ng tunggalian sa hinaharap.[2]

Bílang diskurso sa Pilosopiyang Filipino, nakapaloob ang hámon na ito sa Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino, na tinitingnan bílang isa sa mga diskursong may pinakamalaking potensyal sa pagpapayabong ng Pilosopiyang Filipino bílang isang disiplina. Sa pagsusuri ni F.P.A. Demeterio III hinggil sa potensyal ng labindalawang diskursong akademiko na nakapaloob sa Pilosopiyang Filipino, makikitang walumpu't limang porsyento (85%) ng mga pilosoper sa Filipinas ang lumilikha ng ganitong diskurso, at nananaig ang diskursong ito saanmang institusyon namimilosopiya ang mga pangunahing Filipinong pilosoper.[3] Sang-ayon sa pagsusuring ito ni Demeterio, ibinulalas din niya ang angking potensyal na ito sa isa pang artikulong nakasentro sa kaniyang pagsusuri ng mga simulain ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino, na isinakatuparan niya sa pamamagitan ng paghihimay ng mga periodisasyon nina Fernando Nakpil-Zialcita[4] at Romualdo Abulad[5] at paglalapat ng mga ito sa politikal na kasaysayan ng Filipinas. Wika ni Demeterio:

> Kasama ang isang pausbong na Kritikal na Pilosopiyang Filipino noong Dekada '70, tunay ngang may angking sapat na lakas at oportunidad ang mga Filipinong pilosoper upang

---

2 Emmanuel C. de Leon, *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino* (Lungsod Maynila: Aklat ng Bayan, 2019), 201.

3 F.P.A. Demeterio III, "Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy", *Phippiniana Sacra* XLIX (May-August, 2014), 196.

4 Fernando Nakpil-Zialcita, "Mga Anyo ng Pilosopiyang Filipino", sa *Mga Babasahin sa Pilosopiya: Epistemolohiya, Lohika, Wika, at Pilosopiyang Pilipino,* patnugot Virgilio Enriquez (Manila: Philippine Psychology Research and Training House, 1983).

5 Romualdo E. Abulad, "Contemporary Filipino Philosophy", *Karunungan* 5 (1988), 1-13.

makapaghawan ng isang mas progresibong landas para sa Pilosopiyang Filipino. Ngunit hinayaan lámang ng Pilosopiyang Filipino ang maningning na pagkakataong ito na makatakas lámang mula sa kaniyang mga kamay. Sa lahat ng yugtong nabanggit nina Nakpil-Zialcita at Abulad, at sa lahat ng nananaig na diskursong nakasentro sa mga pangunahing institusyon ng pilosopiya, **pinakamalaki ang potensyal na taglay ng kritikal na pilosopiya.**[6]

Makikita rito ang panghihinayang ni Demeterio sa potensyal ng pagyabong ng kritikal na Pamimilosopiyang Filipino. Mababanaagan nang may sapat na kaalaman at oportunidad ang mga pilosoper noong Dekada '70, ngunit tila nabalewala ang mga ito dahil sa igting ng politika, hindi lámang sa lipunan kundi pati sa akademiya. Lalong bibigyang-pansin ng artikulong ito ang ginawang pananaliksik na ito ni Demeterio kaakibat ang mga piling primaryang batis mula sa ilang Filipinong intelektwal upang mapalawig pa lalo ang naging talakayan ni Demeterio hinggil sa naging lakbayin ng diskurso ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino, subalit imbis na magsimula sa Dekada '70, tutungo muna ang talakayan sa Panahon ng mga Propagandista, na tinataguriang bilang simulain ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino.

Subalit bago natin tangkaing sipatin ang kasaysayan ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino, kailangan muna nating bigyang-kahulugan kung ano nga ba itong 'kritikal na pilosopiya' na tatalakayin natin. Ayon kay Paolo Bolaños, isang anyo ng pakikipag-ugnayan sa panlipunang realidad ang kritikal na pilosopiya.[7] Marahil sa unang dinig ay maiisip nating isang banyagang konsepto ang kritikal na pilosopiya para sa mga Filipino, subalit ipinaliwanag din ni Bolaños na bagaman unang nabanaagan ang diskursong ito sa tradisyon ng mga Aleman sa Frankfurt School, hindi ito eksklusibo sa iisang lahi at maaaring umusbong din sa ibang mga espasyo ng pamimilosopiya, tulad ng sa mga Pranses at sa mga Filipino. Kaugnay

6 F.P.A. Demeterio III, "Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy", *HINGOWA: The Holy Rosary Seminary Journal* 8:2 (2003), 17. Akin ang salin at diin.

7 Paolo A. Bolaños, "What Is Critical Theory? Max Horkheimer and the Makings of the Frankfurt School Tradition," *Mabini Review Vol. 2*, no. 1 (2013): 1–19.

nito, sa isang panayam, tinalakay naman ni Demeterio kung paano nagiging 'Filipino' ang ganitong uri ng diskurso:

> **Felicilda:** Paano po nagiging "[F]ilipino" ang kritikal na pamimilosopiya gayong hango pa rin ang mga teoretikal na balangkas nito sa kanluran?
>
> **Demeterio:** Kahit kanluranin ang mga teoryang ginagamit natin, mapipilitan tayong iangkop at gamitin sila sa konteksto natin. Magiging dialektikal ang ugnayan ng teorya, ng pilosopong [F]ilipino, ng pilosopikal na problema, at ng konteksto natin. Mula sa dialektikal na prosesong ito, umaasa akong isang [F]lipinong diskurso ang malilikha.[8]

Makikita sa pagpapaliwanag ni Demeterio na isa ring uri ng pag-aangkin ang proseso ng apropyasyon ng mga banyagang teorya sa sarili nating konteksto. Subalit hindi lamang nakukulong sa apropyasyon ang isang 'kritikal' na Pilosopiyang Filipino tulad ng itinuring ni Demeterio sa kanyang panayam. Sa isang mas naunang artikulo, inilarawan ni Demeterio ang Kritikal na Pilosopiyang Filipino na nakatuon sa pagsusuri ng kultural, panlipunan, ekonomiko, at politikal na estrukturang nananaig sa Filipinas.[9] Aniya, nilalayon nitong bigyang-lunas ang sakit ng lipunan, at gayundin ang patolohikal na suliranin ng Pilosopiyang Filipino.[10] Binigyang-pansin din ang kritikal na aspektong ito ni Fernando Nakpil-Zialcita kung saan tinukoy niya ito bilang isang anyo ng Pilosopiyang Filipino na nakatuon sa pagsusuri ng mga estrukturang pang-ekonomiko at pampulitika.[11] Inilapat ni Zialcita ang simula ng anyong ito noong ika-19 na siglo, sa panahon ng mga

---

8 Mary Irene Clare O. Deleña, Joshua Mariz B. Felicilda, and Leslie Anne L. Liwanag, "Si Demeterio at ang Pilosopiyang Pilipino: Pakikipanayam Tungkol sa Kanyang Ika-25 na Taong Pamimilosopiya," *Kritike* 12, no. 1 (2018): 125.

9 "Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy", 56.

*10 "Such agenda is immediately relevant to a society that is as pathological as its philosophy. A society and culture that is riddled with contradictions and structural deformations is in immediate need of critical analysis. Hence, the urgency of a critical Filipino philosophy to finally emerge from its pathological state is not a mere academic desire of some armchair intellectuals, but is something that is actually premised on a social, cultural, and national interest."* "Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy", 56-57.

11 "Mga Anyo Ng Pilosopiyang Pilipino", 318.

propagandista, at ang lalong paglakas nito sa hanay ng mga sosyalista, na siyang nilugar ni Demeterio sa paglago ng mga kaisipan nila Karl Marx, Vladimir Lenin, at Mao Tse Tsung noong kasagsagan ng Dekada '60.[12]

Mula sa mga pagpapakahulugan na ito, makikita natin ang dalawang bagay: una, na hindi lamang iisang aspekto ang tunguhin ng Kritikal na Pilosopiyang Filipino, bagkus ay sinasakop nito ang iba't ibang mga aspektong nakapaloob sa ating lipunan at pangalawa, na walang nagkakaisang pagpapakahulugan sa kung ano ang Kritikal na Pilosopiyang Filipino. Subalit bagaman walang malinaw na pagpapakahulugan sa Kritikal na Pilosopiyang Filipino, maaari nating gawing batayan ang mga sentimyentong inilahad nina Bolaños, Demeterio, at Zialcita, upang makabuo ng isang pansamantalang pagpapakuhulugan dito. Mula sa kanilang mga kuro-kuro, at kaakibat ng sariling pagmumuni buhat ng pagbabasa hinggil sa paksaing ito, maaari nating tingnan ang Kritikal na Pilosopiyang Filipino bilang isang uri ng ugnayan sa pagitan ng pilosoper bilang kritiko at ng lipunang Filipino na kanyang sinusuri kung saan isinasailalim ng pilosoper ang lipunang ito sa isang paulit-ulit na proseso ng pagsusuri-paglalantad—isang walang hanggang pagtatangkang hubarin ang patong-patong na mga maskara ng iba't ibang aspekto ng lipunang Filipino.

## Ang Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino sa Panahon ng mga Propagandista hanggang Dekada '70

Maaari nating ilapat ang simulain ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino noong panahon ng propaganda kung saan naging laganap ang pagbatikos ng mga ilustrado sa mga mananakop na Espanyol.[13] Mababanaagan ang mga manipestasyon na ito sa mga subersibo at satirikal na akda ng ating mga bayani laban sa kolonyalismo at mga lantarang pangyuyurak at pang-aabusong mababanaagan noong mga panahong iyon. Samakatwid, hindi unang lumutang ang diskursong ito mula sa nakasanayan nating estruktura ng mga pilosopikong papel,

12 Feorillo Petronillo A. Demeterio III, "Ang Kallipolis at Ang Ating Kasalukuyang Lipunan: Isang Pakikipagdiyalogo Ng Kritikal Na Pilosopiyang Filipino Sa Ang Republika Ni Platon," *Malay* 24, no. 1 (2011): 3.

13 "Ang Kallipolis at Ang Ating Kasalukuyang Lipunan: Isang Pakikipagdiyalogo Ng Kritikal na Pilosopiyang Filipino sa Ang Republika Ni Platon", 3.

bagkus unang mapapansin ito sa mga naratibo, tula, satirikal na akda, at maiikling sanaysay na naghahangad mailantad ang estado ng lipunang kolonisado noon, tungo sa paghahangad ng kalayaan, pagbabago, at lalo't higit sa pagpapanday ng pagmamahal sa Inang Bayan.

Ilang halimbawa sa mga bayaning manunulat na ito ang mga Katipunerong sina Andres Bonifacio, Emilio Jacinto, at Pio Valenzuela. Sa kanyang *Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog*, ibinulalas ni Bonifacio ang mistulang pagtataksil ng mga Kastila na aniya dumating, dumulog, nakipagkaibigan, at idinaan sa matatamis na salita ang nadatnan nilang mga datu noon sa ating mga pampang. Dagdag pa niyang puna:

> *"Ano ang nakikita nating pagtupad sa kanilang kapangakuan na siang naging dahil ng ating pag gugugol! Wala kung di pawang kataksilan ang ganti sa ating mga pagpapala at mga pagtupad sa kanilang ipinangakung tayo'y lalung guiguisingin sa kagalingan ay bagkus tayong binulag, inihawa tayo sa kanilang hamak na asal, pinilit na sinira ang mahal at magandang ugali ng ating Bayan…"*[14]

Makikita natin sa siping ito mula kay Bonifacio na mulat na siya sa kasalukuyang estado ng kanyang kinaiiralang lipunan noon. At bunga ng pagkamulat na ito, sinubok niyang mulatin din ang iba sa paglalantad ng mga karahasang naranasan ng kanyang mga kababayan sa ilalim ng mga mananakop. Ninais ni Bonifacio, lalo't higit bilang Supremo ng Katipunan, na makamit ang tinatamasang kalayaan ng Bayang Tinubuan sa pamamagitan ng paghihimagsik at pagpapalayas sa mga Kastilang, pakiwari niya ay ipinaglalaban ang 'maling katuiran' dahil sa panlulupig nila sa hindi nila bayan.[15]

14 Andres Bonifacio, "Ang Dapat Mabatid Ng Mga Tagalog," 1896, http://www.kasaysayan-kkk.info/kalayaan-the-katipunan-newspaper/andres-bonifacio-ang-dapat-mabatid-ng-mga-tagalog-c-march-1896. 2.

15 Andres Bonifacio, "Marahas Na Manga Anak Ng Bayan," 1897, http://www.kasaysayan-kkk.info/cavite-politics-in-a-time-of-revolution/andres-bonifacio-mararahas-na-manga-anak-ng-bayan-february-or-march-1897. 2.

Makikita rin ang parehong sentimyento sa tula ni Emilio Jacinto na may pamagat na "*Sa Bayang Tinubuan"*. Aniya:

*"Iyang nangalandakan na Inang España,*
*maraming pangakong pagyayamanin ka,*
*tatlong dang taun ang nakaraus na,*
*magpahanga ngayon ay dinadaya pa.*

*Matamis na sabi'y huag kang mawiwili,*
*lalung mararawal ang buhay sa huli,*
*dusang patung patung ang ibabahagi*
*sa tanang anak mong larawan ng api."*[16]

Tulad ni Bonifacio, mapapahiwatigan sa tulang ito, ang pagkabatid din ni Jacinto sa mainam na panlilinlang ng mga Kastila, na tilabaga umabot na sa puntong iginagalang at pinagpapagalan pa rin sila ng mga Tagalog sa kabila ng kaliwa't kanang mga inhustiyang idinulot nila sa lipunan.[17] Naging midyum din ang peryodismo noong panahon na ito upang mailantad ang mga pang-aabuso noon, lalo't higit sa kapangyarihan ng mga Fraile. Isang mainam na halimbawa nito ang "*Katuiran din naman!*" ni Pio Valenzuela na isinulat niya para sa dyaryong *Kalayaan*. Isinalaysay ni Valenzuela dito ang mga pangyayari sa isang sitio kung saan tahasang inabuso ng isang fraile ang kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagpapaputok sa *teniente del barrio* gamit ang rebolber na kanyang dala, at nang abutan sila ng mga hukom, dinakip ang buong kamag-anakan ng teniente samantalang umuwi nang payapa sa kumbento ang fraile.[18] Mababanaagan sa

16 Emilio Jacinto, "Sa Bayang Tinubuan," undated, http://www.kasaysayan-kkk.info/kalayaan-the-katipunan-newspaper/emilio-jacinto-sa-bayang-tinubuan-undated. 2.

17 Makikita rin ang mga sentimyentong ito sa iba pang mga akda ni Jacinto tulad ng "Gising na mga Tagalog!", "Pahayag", at "Gomez, Burgos, Zamora". Tingnan: Emilio Jacinto, "Gising Na Mga Tagalog!," 1895, http://www.kasaysayan-kkk.info/1892-1895/emilio-jacinto-gising-na-mga-tagalog; "Gomez, Burgos at Zamora!," 1896, http://www.kasaysayan-kkk.info/kalayaan-the-katipunan-newspaper/emilio-jacinto-gomez-burgos-at-zamora-april-30-1896; "Pahayag," 1896, http://www.kasaysayan-kkk.info/kalayaan-the-katipunan-newspaper/emilio-jacinto-pahayag-c-march-1896.

18 "Tignan ngayon ng bayan ang kabaitan, kalinisan, at kapakumbabaan ng mga pinupoon niyang kahalili ng Diyos." Pio Valenzuela, "Katuiran Din Naman!," 1896, http://www.kasaysayan-kkk.info/kalayaan-the-katipunan-newspaper/pio-valenzuela-katuiran-din-naman-c-march-1896.

mga sulatin nila Bonifacio, Jacinto, at pati na rin kay Valenzuela, ang paulit-ulit na pagtatangkang ilantad ang mga kasalukuyang isyung bumabalot sa kanilang lipunan, sa mga partikular na konteksto ng barrio hanggang sa mas malawakang sakop ng bayan. Nakita nila ang pangangailangang maipabatid sa taumbayan ang mga masalimuot na epekto ng kolonyalismo at pagkalasing sa kapangyarihan ng mga kolonisador. Umuugat din ang lahat ng ito sa di-matatawarang paghahangad ng kalayaan sa pamamagitan ng himagsikan, na umuugat sa pagmamalasakit at pagmamahal sa Inang Bayan.

Maitatangi rin natin sa panahong ito ang mga kontribusyon ng ating pambansang bayaning si Jose Rizal at ang kanyang rebolusyonaryong Noli Me Tangere at El Filibusterismo, na kapwa naging midyum upang maimulat ang mga mambabasa ng mga ito sa kasadlak-sadlak na sitwasyon sa Filipinas noon. Inilantad din ng dalawang nobela ang isang kritikal na pagtanaw sa mga karaniwang isyu at pang-aabusong pinangungunahan ng mga fraile at kawani ng gobyerno noong panahong iyon. Sa pamamagitan ng mga nobelang ito, sinubok ni Rizal na itawid sa kanyang mga mambabasa ang realidad na kinahaharap ng nasakop na lipunan. Bunga nito, nagsilbing mitsa ang mga sulatin ni Rizal upang lalong pag-alabin ang nagbabadya nang himagsikan laban sa mga Kastilang mananakop.

Isa pang maaaring halimbawa ng isang di-tuwirang pagpuna sa mga fraile noong panahon ng Kastila ang mga satirikal na akda ni Marcelo H. Del Pilar, o mas kilala sa bansag na "Plaridel". Maagang namulat si Plaridel sa kasamaan ng mga fraile noon, lalo't higit sa sarili niyang lalawigan, kung saan nadestino ang fraile na si Fray Felipe Garcia, OSA, na pangunahing kinalaban ni Plaridel dahil sa kanyang mga paniningil at lantarang pagkontrol sa pamahalaan ng Malolos.[19] Nang ulanin naman ng batikos ng mga fraile ang Noli Me Tangere, naglabas ng kontra lathalain si Fray Jose Rodriguez na may pamagat na *Caiingat Cayo*, na tinugunan din ni Plaridel ng kontra lathalain niyang *Caiigat Cayo,* na siyang ipinagkalat niya, sa tulong ng kanyang mga kaibigan, sa Kamaynilaan at sa lalawigan ng Bulacan. Bunsod nito, unti-unti nang namulat ang mga tao hinggil sa mga imoral na gawain ng

19 Ian Christopher B. Alfonso, "Ang Paninindigan Ng Mga Anak Ng Bulakan," in *Bulakan: Pag-Alaala Sa Biyaya Ng Nakaraan*, vol. 1 (Bahay-Saliksikan ng Bulacan (Center for Bulacan Studies), Bulacan State University, 2012), 46–47.

mga prayle tulad ng pagmumura, at pagkakaroon ng mga kalaguyo. Bago umalis si Plaridel patungong Barcelona, inilambag din niya ang 'malakatesismong katatawanan sa mga frailes', na tinawag niyang *Dasalan at Tocsohan*, na sinundan pa ng kanyang satirikal na imitasyon ng *Pasiong Mahal* na pinamagatan namang "*Pasiong Dapat Ipagalab nang Puso ng Tauong* Babasa".[20] Lahat ng ito ay naglayong palutangin ang mga lisyang kalakaran ng mga fraile noon sa pamamagitan ng paghahain sa mga mambabasa ng mga akdang pinaghalong kritisismo at katatawanan.

Kasama ang lupon ng mga Ilustrado sa España, kapwa nagtangkang magsulong sila Rizal at Del Pilar ng mga maaaring repormang naglalayong mapabuti ang estado ng buhay sa Filipinas. Samakatwid, salungat sa tunguhin ng Katipunan, pakikipagbalitaktakan ang kanilang ideya ng aksyong pulitikal.[21] Subalit bagaman magkaiba ng konsepto ng pinapangarap na bayan, pare-pareho silang may mga mithiing mapabuti ang kalagayan ng buhay ng bawat isa sa pamamagitan ng pagmumulat sa mga totoong nangyayari sa lipunan.

Maaaring bigyang-pansin din natin dito ang kontribusyon nina Apolinario Mabini at Isabelo delos Reyes noong panahon ng transisyon mula sa mga mananakop na Kastila patungong Amerikano. Sa kanyang "*La Revolucion Filipina*", naghandog si Mabini ng isang makasaysayang naratibo hinggil sa estado ng Filipinas noong sakop pa ito ng mga Kastila kasama ang ilang mga mungkahi para sa mga Amerikano upang hindi maulit ang mga 'pagkakamali' ng mga Kastila sa pamamahala na nauwi sa rebolusyon. Makikita dito na diplomasya ang sinandigang pamamaraan ni Mabini, ngunit sa kabila ng diplomatikong pakikitungo, mababanaagan din sa teksto ang tahasang pagpuna ni Mabini sa pamamahala ni Emilio Aguinaldo mula nang pamunuan niya ang rebolusyon hanggang sa nang maupo siya bilang pangulo. Ani ni Mabini, hindi mainam ang pamumuno ni Aguinaldo sa naganap na rebolusyon, at napanalunan lamang ni Aguinaldo ang kanyang posisyon

20 "Ang Paninindigan Ng Mga Anak Ng Bulakan," 46–49.

21 Zeus A. Salazar, *Wika Ng Himagsikan, Lengguwahe Ng Rebolusyon*, Mga Pag-Aaral Sa Kasaysayan Ng Pilipinas 8 (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1999), 63.

sa pamamagitan ng mga kakutya-kutyang pamamaraan.[22] Mabagsik na kritiko si Mabini, lalo't higit sa mga kasunduang binuo ni Aguinaldo kasama ang mga Amerikano—mga kasunduang idinaan lamang sa pasalita, at hindi isinulat, kaya nang singilin ng pamahalaan ni Aguinaldo ang mga Amerikano sa kasunduan nila, madali naitanggi ito ng mga Amerikano sa pagsasabing wala namang nangyaring kasunduan.[23]

Sa pakikibaka naman ni Isabelo delos Reyes, naglunsad siya ng kampanya laban sa parehong mga Kastila at Amerikano. Nang maging peryodista, napagtanto ni delos Reyes na may possibilidad na magkaroon ng mga espasyo na maaaring maging daan upang kritikal na makipag-ugnay sa kolonyal na kapangyarihan.[24] Bunga nito, inihanay niya ang kanyang sarili sa mga liberal na usapin, tulad ng panawagan para sa malayang pamamahayag at pantay na karapan ng mga Filipino, paghahangad na magkaroon ng kinatawan ang Filipinas sa *Spanish Cortes*, at tahasang pagpuna sa mga fraile noon sa paggamit ng kanilang kapangyarihan upang harangan ang mga liberal na polisiya sa Madrid nang hindi ito makarating sa Filipinas bilang kolonya. Tagapagtaguyod ng reporma si delos Reyes, kung kaya nang magsimula ang digmaan laban sa mga Amerikano, napagtanto niyang maaaring magbunga ng mas mainam na pamumuhay sa Filipinas ang pagkampi sa mga Kastila laban sa mga ito.[25] Nang mailuklok bilang senador noong 1922, lalong naging hayag ang kanyang mga pagpuna laban sa mga Amerikano, lalo't higit sa mga pagkakamali ng kanilang mga opisyal at ang mistulang pagbabalatkayo ng mga ito. Nakilala si delos Reyes bilang

22 *"Because he thus neglected the people, the people forsook him; and forsaken by the people, he was bound to fall like a waxen idol melting in the heat of diversity."* Apolinario Mabini, Kabanata X, "The Philippine Revolution," trans. Leon Ma. Guerrero, 1931, http://malacanang.gov.ph/8143-the-philippine-revolution-by-apolinario-mabini/.

23 "The Philippine Revolution," Kabanata XI, http://malacanang.gov.ph/8143-the-philippine-revolution-by-apolinario-mabini/.

24 Resil B. Mojares, *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T. H. Pardo de Tavera, Isabelo de Los Reyes and the Production of Modern Knowledge* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2006). 255-256.

25 Nanguna rin si de los Reyes sa paglalathala ng mga pagpuna laban sa mga Amerikano para sa *La Correspondencia de España* at iba pang mga dyaryo. Bilang ganti, kinumpiska ng mga Amerikano ang mga ari-arian niya at pinatawan ng kaparusahan ang sinomang matatagpuang may mga akda niya. *"Brains of the Nation: Pedro Paterno, T. H. Pardo de Tavera, Isabelo de Los Reyes and the Production of Modern Knowledge"*, 270-272.

isang dakilang tagayanig ng papalit-palit na kapangyarihang kolonyal, lalo't higit ang pagpapalutang ng mga nananaig na lisyang kalakaran ng panibagong mga mananakop. Bagaman nagsuot ng panibagong maskara ang kolonyalismo, hindi nagpatinag sila Mabini at delos Reyes sa patuloy na pagtatangkang makita ng kapwa Filipino ang totoong mukha sa likod ng mga panlilinlang.

Mula sa hanay ng Katipunan hanggang sa mga Propagandista, mababanaagan na kapwa humuhugot at tumutungo sa kinabibilangang lipunan ang kanilang mga pagpuna hinggil sa iba't ibang estruktura at isyung panlipunan. Kumbaga, nagsisilbing repleksyon ng mga sentimyento at mithiin ng mga Filipino ang mga ito—mga sentimyento at mithiing naglalayong mamulat, mapanibago, at mapaginhawa ang bayang minamahal sa hinaharap.

Batay sa mga pagsasalaysay na ito ng mga naunang kritiko sa ating kasaysayan, mahihinuha nating maigting na noon ang paghahangad na ilantad ang mga problema ng lipunan at tugunan ang mga ito, na sa pakiwari kong matatawag na natin bilang mga panimulang manipestasyon ng isang Kritikal na Pilosopiyang Filipino.

Kung babalikan natin ang mga naunang talakayan hinggil sa manipestasyong ito, makikitang kapwa nabanggit nila Zialcita at Demeterio na lalong lumakas ang kritikal na aspekto ng Pilosopiyang Filipino noong dekada '60. Maaari nating tingnan bilang mahalagang halimbawa ng yugtong ito ang Filipinong pilosoper na si Ricardo Pascual, at ang naging mga karanasan niya sa Unibersidad ng Pilipinas (UP).

Itinangi ni Co bilang isa sa mga kapansin-pansin na pilosoper sa Unibersidad ng Pilipinas,[26] kinaharap ni Ricardo Pascual noong simula ng Dekada '60 ang sadyang antagonistang relasyon sa pagitan ng relihiyon at kalayaan sa pag-iisip. Bunga ng pagiging dominanteng pilosopiya ng iskolastisismo noon at sa mga pagtatangkang pagkitil ng simbahang Katoliko sa mga kaisipang taliwas dito, namulat si Pascual, na isang hayagang agnostiko, sa likas na pagkakabigkis ng pilosopiya,

26 Alfredo P. Co, "Doing Philosophy in the Philippines: Fifty Years Ago, Fifty Years from Now," in *Across the Philosophical Silk Road: A Festschrift in Honor of Alfredo P. Co*, vol. VI (Manila: UST Publishing House, 2009), 53.

relihiyon, at pulitika sa Filipinas.[27] Ilang beses na-*redtag* si Pascual dahil sa mga sekular niyang talakayan sa pilosopiya, lalo't higit sa usapin ng politika at lohika. Ilang beses ding tinangkang masabotahe ang UP Departamento ng Pilosopiya noon dahil sa sekular na mga talakayan ni Pascual at ng kanyang mga kasamahan, hanggang umabot sa puntong nagmumungkahi na ang kasalukuyang presidente ng UP noon na si Vidal Tan na bumuo ng isang Departamento ng Relihiyon at buwagin ang asignatura ng *Symbolic Logic*. Damang-dama ang opresyon noon sa UP, marami ang umiwas sa mga subersibo at di-popular na ideya at napatahimik sa takot na mawalan ng mga oportunidad sa promosyon o sweldo. Subalit sa kabila ng mga antagonismong ito, hayagang nilabananan pa rin ni Pascual ang mga pagmumungkahing ito ni Tan, na makikita nating taliwas sa pagpapanday ng isang malayang uri ng pag-iisip, lalo't higit ng isang sekular na unibersidad tulad ng UP.[28]

Bilang isang *logical positivist*, malaki ang pagpapahalaga ni Pascual sa simbolikong lohika. Sa pagsusuri ng mga sosyo-politikal na isyu, at sa obserbasyon niyang madaling pagkakalulong ng mga tao sa isang dogmatikong pagkakahimbing, pinaniniwalaan ni Pascual na hindi lamang mahalaga subalit kailangan ang simbolikong lohika sa pagtugon sa mga krisis ng kanyang panahon.[29] Nauunawaan ni Pascual ang pilosopiya bilang isang aktibidad kung saan maaaring patunayan kung tama o mali ang mga proposisyon, kung kaya mahalaga para sa kanya ang pagpapatotoo ng mga kasalukuyang paniniwala.

Hinango rin ni Pascual ang kanyang pagiging kritikal sa pagsisiwalat ng katotohanan sa pambansang bayaning si Jose Rizal.[30] Marahil, may pagkakapareho ang dalawang tauhang ito—na sa kanilang pagiging kritikal sa mga tila mapang-abusong taong nasa kapangyarihan, nagiging daan ang kanilang mga pagsusuri at

27 Preciosa Regina A. De Joya, "In Search of Filipino Philosophy" (Dissertation, Singapore, National University of Singapore, 2013). 88.

28 *"While knowing that the oppressive sanctions would eventually lead to the suppression of freedom, they were also certain that keeping silent would only expedite the unhappy event"*. "In Search of Filipino Philosophy", 107.

29 "In Search of Filipino Philosophy", 113.

30 Kilala si Pascual sa pagiging iskolar at tagasunod ni Rizal. Tinangi ni Pascual bilang isa sa mga dakilang bayaning nagtangkang isiwalat at gamutin ang mga karamdaman ng kanyang lipunan. Makikita ang talakayan na ito sa "In Search of Filipino Philosophy", 117-134.

antagonismo tungo sa ‘pagkagising’ mula sa pagkakahimbing at sa pagbubukas lalo ng pag-iisip. Isa si Pascual sa mga tagapaghikayat noong panahon niya ng pag-aaral hinggil sa mga kaisipan at paniniwala ni Rizal upang makasangkapan ang mga ito sa konteksto ng mga kasalukuyang problemang bumabagabag sa lipunan. Kapwa nakiisa si Pascual at Rizal sa paglalantad ng mga pang-aabuso at paglabag ng ilang mga taong pansimbahan at pagpapahayag ng mga naaayong kritisismo hinggil sa mga ito— hindi upang yurakan ang kredibilidad ng Simbahang Katolika, kundi upang ikampanya ang kalayaan ng pag-iisip at kritikal na pagtanaw nang maiwasan ang kinagisnang dogmatikong pagkakahimbing. Samakatwid, makikita rin natin sa naratibo ni Pascual na mahalaga ang parehong pagkabatid at pagpapabatid (sa pamamagitan ng paglalantad ng mga nabatid na isyu) bílang isa sa mga unang hakbang sa proseso ng kritisismo.

Bunga ng mga naunang pagsasalaysay, makikitang kapansin-pansin ang pakikipag-ugnayan ng pilosoper bílang kritiko sa lipunang kanyang ginagalawan, lalo’t higit ang mga pagtatangka niyang hubaran ng maskara ang mga isyung kinahaharap nito at ilantad ang tunay na estado ng iba’t ibang aspekto ng lipunan. Bílang dagdag, mapapansing lihis sa karaniwang pagpapakahulugan ng “pilosoper” ang mga tinanging intelektwal sa bahaging ito ng talakayan. Bagaman hindi nabibilang ang mayorya ng mga ito sa katauhan ng “akademikong pilosoper”—ng pilosoper na matatagpuan sa akademya at naglalathala ng mga talakayan at polemika hinggil sa iba’t ibang pilosopikong usapin, nararapat pa rin nating sipatin ang mga kaisipan nila bílang mga manipestasyon ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino. Mababanaagang may taglay na pagkapilosopiko ang kanilang mga sentimyento’t sulatin, bunga ng kanilang pagkababad sa lipunang kanilang kinabibilangan, lalo’t higit sa pangongonsepto at pagsasalamin nila halimbawa ng moralidad at pananaw-sa-mundo na tinataglay ng lipunang ito. Samakatwid, sa mismong pakikilahok nila sa proseso ng pamimilosopiya. Mula sa ganitong pagtanaw, maaaring mahinuha na may nararapat lámang na espasyo ang mga intelektwal na ito sa ginanap na talakayan hinggil sa mga simulain ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino.

Mula sa mga inilahad na naratibong ito, makikitang sa pagnanais makapag-udyok ng pagkabatid at pagkamulat, hinangad ng ating mga pilosoper ang samu't saring pagbabago bunsod ng kanilang mga pagsusuri. Mula dito, makikita nating tunay na makulay ang mga simulain ng Kritikal na Pilosopiyang Filipino at malaki ang potensyal sa lalong pagyabong nito sa pagdaan ng mga taon, subalit malaki ang kinaharap nitong mga balakid pagpasok ng Dekada '70—mas partikular, sa pagsisimula ng diktadurya.


**Ang Paghina ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino**

Sa artikulo ni Demeterio na *Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy* (2003), inilulugar ni Demeterio sa Dekada '70 kung saan pinakamatatanaw ang potensiyal ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino bílang isang diskurso. Subalit dahil sa pagkakaproklama ng *Martial Law* o *Presidential Decree Number 1081*, naudlot ang pag-igting nito noong simula ng Dekada '70, kung kaya, pakiwari niya, nagkaroon táyo ng isang 'na-trawma na Pilosopiyang Filipino'. Wika niya,

> Sa pagbabalik-tanaw, nagsimula lámang tahakin ng Pilosopiyang Filipino ang mundo ng politika, lipunan, kasaysayan, ekonomiya, at praxeology sa pangkalahatan, noong lumitaw ang kritikal na pamamaraan nito. Noong malupit na pinigilan ang sariwang experimentasyon na ito, ang trawmang inihatid ay nakaapekto sa kabuoang katangian ng Pilosopiyang Filipino at pinasinayaan ang kasalukuyang katangian nito na hiwalay sa realidad ng Filipinas.[31]

Makikita ang biswal na manipestasyon nito sa pagsusuri at pagkakagetogarya ni Demeterio ng mga akdang nakapaloob sa bibliograpiyang binuo ni Gripaldo na isinulat mula 1965 hanggang 1992. Sa pagsusuring ito, mapapansing habang dumarami ang mga akdang nakakiling sa interpretasyon ng Filipinong pananaw-sa-mundo, tila pababa naman ang porsyento ng mga akdang nakatuon sa Kritikal na Pilosopiyang Filipino.

31 "Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy", 60-61. Akin ang salin.




(Hango ang grap na ito sa artikulo ni F.P.A. Demeterio III na "Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy" (2003). Ginamit ito upang paghambingin ang porsyento ng mga akdang nakakiling sa Kritikal na Pilosopiyang Filipino at sa Interpretasyon ng Filipinong Pananaw-sa-Mundo mula 1965 hanggang 1992 batay sa Bibliograpiya ni Rolando Gripaldo)

Kung titingnan ang ginawang grap ni Demeterio sa itaas, mababanaagang paigting na ang diskurso ng Kritikal na Pilosopiyang Filipino sa dulo ng Dekada '60, sang-ayon sa obserbasyon ni Zialcita sa kaniyang peryodisasyon. Subalit sa pagpasok ng Dekada '70, partikular sa pagkakadeklara ng Batas Militar noong 1972, mapapansing nabansot ang diskursong ito—napatag at kapagdaka'y humina nang humina hanggang sa lumakas muli bandang 1985-1988 kung saan maaari nating ilugar ang 'rebolusyong' nangyari sa EDSA. Pagkaraan ng penomenon na ito, mapapansing bumaba ulit ang porsyento ng mga akdang nakakiling sa Pilosopiyang Filipino. Sa kabílang banda naman, mapapansing patuloy lámang ang paglakas ng pananaliksik ng ating mga intelektwal sa pananaw-sa-mundo ng mga Filipino.

Samakatwid, maigting ang intelektuwal na iskolarsip noong Dekada '70. Binansagan bílang '*the long '70s*' ng historyador na si

Vicente Rafael[32], tinagurian ang panahon na ito bílang panahon ng parehong kadiliman at kaliwanagan. Ayon naman kay Resil Mojares, makikitang sa panahong ito umusbong ang mga inisyatiba mula sa iba't ibang bahagi ng akademiya, lalo't higit sa mga larang ng humanidades at araling panlipunan. Wika niya,

> Ang kabalintunaan ng panahong ito, lampas sa politikal na stereotype bílang "ang madilim na mga taon ng diktadurya", ay na sa katunayan, isa ito sa mga pinakamatinding panahon ng intelektuwalismo sa kasaysayan ng Filipinas… Mayroong espasyo para sa pansariling gawain na hindi direktang nagbabanta sa estado… [at] itinatangi ng panahong ito ang magkakaugnay na interes sa lokal, sa popular, at sa katutubo.[33] *[The paradox of this period is that, beyond its political stereotyping as "the dark years of the dictatorship", it is in fact one of the most intellectually intense periods in Philippine history…There was space for independent work that did not directly threaten the state…[and] the times primes the intertwined interests in the local, the popular, and the indigenous.]*

Sa panahon ding ito itinangi ni Mojares ang pagkakatatag ng mga panimulang binhi ng Sikolohiyang Pilipino na pinangunahan ni Virgilio Enriquez at ang Pantayong Pananaw na pinasimulan ni Zeus Salazar, na kapuwa tumugon—malay man o hindi—sa tawag noon para sa 'nasyonalismo' at 'pag-unlad', at para na rin sa pagkahilig ng mga iskolar noong Dekada '70 sa lokal, popular, at katutubong mga diskurso. Kasabay ng pag-usbong ng proyektong ito ng Pilipinisasyon, maaari rin nating ilugar sa pagpapanahong ito ang paglutang ng mga diskurso hinggil sa Pilosopiyang Filipino sa akademikong *landscape* ng Filipinas.

Tinagurian ni Alfredo Co ang panahon na ito bílang isang "kapana-panabik na panahon sa kasaysayan ng Filipinas", sapagkat

32 Pinalawig ang katawagang ito ng isa pang historyador na si Resil Mojares bílang bansag ni Rafael sa mga taon ng pamumuno ng mga Marcos sa Filipinas. Mas partikular, ang mga taon mula 1965 hanggang 1986. Tingnan: Resil B. Mojares, "Marking a Turn: Thoughts on a Generation of Philippine Scholarship," sa *Interrogations in Philippine Cultural History* (Ateneo de Manila University Press, 2017), 145.

33 "Marking a Turn: Thoughts on a Generation of Philippine Scholarship", 145-146.

batay sa kaniyang periodisasyon, sa mga panahong din ito—*late 60's* hanggang *early 70's*—nagsimulang umigting ang pamimilosopiya ng ating mga Filipinong intelektwal.

Maaari din nating ilugar sa pagpapanahon na ito ang unti-unting pagtatanim ng mga binhi ng Pilosopiyang Filipino sa akademikong lárang—mga panimulang manipestasyon sa akademya ng isang uri ng pamimilosopiya na mula sa atin, na nagnanais ding maging daan upang maunawaan ang sariling atin.

Batay sa mga naunang talakayan, makikita nating dalawang mukha ng Pilosopiyang Filipino ang sumulpot noong panahong ito: isang mukhang nakatuon sa pagtatangkang mag-ambag sa tawag ng nasyonalismo noong panahong iyon, at isang mukhang nakatuon sa pagtayo ng pilosoper bílang kritiko ng mga kasalukuyang isyung bumabalot sa kaniyang lipunan.

Pamilyar na ang kasaysayan ng Pilosopiyang Filipino sa unang mukha. Marami sa ating mga pilosoper ang nagtangkang saliksikin at bigyan ng interpretasyon ang ating pagiging Filipino—ang ating mga tradisyon at kaugalian, ang ating wika, ang ating mga pagpapahalaga, ang ating pananaw-sa-mundo, ang ating mga kwento at kasabihan, ang ating pagiging 'Filipino'. Ilang mahahalagang halimbawa na lámang dito sina Leonardo Mercado na nagtangkang ungkatin ang pilosopiyang nagmumula at nananahan sa ating kultura, kaugalian, at wika, at si Florentino Timbreza, na iginugol ang mayorya ng kaniyang buhay sa pananaliksik ng ating kamalayang bayan—ang ating mga salawikain at kasabihan, sapagkat naniniwala siyang may taglay ang mga itong pilosopikal na pundasyon na maaari nating hanguin at kung gayon, ay maipaunawa sa antas pilosopikal ang kaisipang Filipino. Kapuwa nilang sinubok unawain at bigyang kahulugan ang Filipino at kung paano ba maging Filipino. Sa proyektong ito ng paghango at pagpapaliwanag unang binuhos ng ating mga pilosoper ang kanilang oras at lakas.

Mababanaagan natin kahit sa kasalukuyang panahon ang iniwang marka ng mga pananaliksik na ito sa atin, at ang mga nagtangkang magpatuloy ng proyektong itong nakatuon sa lalong pagbibigay ng kahulugan sa ating pagkakakilanlan. Hindi maikakailang mahalaga ang mga pagpupunyaging ito, hindi lámang upang mag-ambag sa diskurso ng ating pagka-Filipino, kundi pati na rin sa lalong pag-unawa ng ating mga sarili bílang mga Filipino. Subalit kabaligtaran

naman ang sinapit ng isa pang mukha ng Pilosopiyang Filipino—ang kritikal na aspekto nito.

Aminado ang ating mga pilosoper na may bahid ng mga politikal na kaganapan ang nangyaring paghina ng Kritikal na Pilosopiyang Filipino noong Dekada '70. Bagaman makulay ang intelektuwal na iskolarsip noon, itinuon lámang ng ating mga pilosoper ang kanilang atensyon sa pag-aambag sa tawag ng nasyonalismo at pananaliksik sa sariling pagkakakilanlan. Bílang resulta, napag-iwanan ang kritikal na aspekto ng Pilosopiyang Filipino.

Subalit hindi natin lubos na masisisi ang ating mga pilosoper kung bakit hindi nila itinuon sa kritikal na aspektong ito ang kanilang atensyon. Matatandaan natin na sa realidad ng Batas Militar, laganap ang pambubusal at pananakot sa mga kritiko ng nabuong diktardurya. Ano mang pananaw o paksain na taliwas sa ipinapalaganap na ideolohiya ng gobyerno ay dapat supilin at patahimikin. Halimbawa na lámang dito ang isang pagsasalaysay ni Emerita Quito sa pagtatangka niyang magsulat ng puna hinggil sa Batas Militar noong panahong iyon sa isa sa kaniyang mga libro, subalit nilapitan siya ng isang kinatawan ng gobyerno at hiniling na tanggapin niya ang kritikal na mga bahagi ng kaniyang libro. Mula noon, hindi na nangahas tumungo sa mga akdang kritikal si Quito.[34] Isa pang testimonya ang mababanaagan sa panayam ni Richard Sanchez kay Florentino Timbreza para sa kaniyang di-gradwadong tesis na may pamagat na "Isang Pag-uusisa at Pagguhit sa Naging Landas at Agos ng Pilipinong Pilosopiyang Kritikal sa Panahon ng Batas Militar" (2002). Ani ni Timbreza hinggil sa kalagayan ng mga pilosoper noong Batas Militar,

> Kasi sa panahong yon di natin maiiwasan yong survival, eh. Whether you like it or not, you want to survive. Lalo na siyempre kung may pamilya ka, medyo lay low nang kaunti… Karamihan naglay-low. Kumampi rin yong iba. Pero noong panahong yon

34 Hango ang testimonyang ito mula sa open forum ng *Second Thomasian Philosophers' Reunion Convention* noong taong 2002 na may temang *"Philosophy as a Critique of Society & Institutions"* nang tanungin ni Dr. Demeterio si Dr. Quito hinggil sa kung ano ang nangyari sa Pilosopiyang Filipino noong panahon ng Batas Militar. Tingnan: Feorillo Petronillo Demeterio III, "Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy," *HINGOWA: The Holy Rosary Seminary Journal* 8, no. 2 (2003): 67.

> in silence inaatake nila ang administrasyon. Wala lang yong in print. Ayaw payagan, di makapagpublish talaga. Mayroon din pero padaplis lang. Sabi nga laylow muna habang malakas ang hangin.[35]

Mahihinuha natin mula sa mga testimonyang ito ni Quito at ni Timbreza na may mga panloob at panlabas na salik na may kinalaman sa pagkabansot ng Kritikal na Pilosopiyang Filipino noong Dekada ’70. Parehong may kinalaman ang pananakot at pagkatakot, ang pagpapatahimik at pananahimik sa pag-iwas ng mga Filipinong pilosoper na makisangkot sa diskursong ito. At sa mas malaking larawan, mapapansin din nating may kinalaman ang masalimuot na daloy ng politika noon sa masalimuot na sinapit ng Kritikal na Pilosopiyang Filipino.

**Ang Muling Pag-igting ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino**

Noong 1986, sa muling pagbangon ng lipunang Filipino pagkaraan ng ‘rebolusyon’ sa EDSA, kwinestyon ni Emerita Quito sa isang pagtitipon ng “Pulong-Isip” ang kakayahan ng pilosopiyang makipag-ugnayan sa mga pangyayaring panlipunan noong panahong iyon. Habang kaliwa’t kanan ang mga lathalain at pagsusuri ng iba’t ibang disiplina tulad ng sosyolohiya, sikolohiya, at literatura, tila may isang disiplinang nawawala sa daloy ng usapan: ang pilosopiya. Pakiwari ni Quito, tila palaging huli ang pilosoper sa pagbuo ng kanyang mga pagmumuni, kung kaya sa tuwing nabubuo na niya ang kanyang mga kuro-kuro hinggil sa isang suliranin, patungo na ulit sa panibagong suliranin ang mundo.[36]

---

35 Panayam kay Florentino Timbreza ni Richard Sancheuz, Lungsod ng Maynila, ika-31 ng Enero, 2002.

36 Itinanong ni Quito: *“Ito kaya ay dahil hindi nakisangkot ang mga pilosoper sa nangyari noong Pebrero? O sadyang mabagal lamang sila sa pagpapahiwatig ng kanilang mga opinyon?”* (akin ang salin) Sa kabila ng pagpunang ito, ipinagtanggol pa rin ni Quito ang mga pilosoper noong panahong iyon sa pagsasabing nakiisa rin sila sa nangyaring ‘rebolusyon’, bagaman hindi nila bitbit ang bandera ng kanya-kanyang mga pilosopikal na organisasyon na kinabibilangan nila. Pakiwari niya, matagal lamang talagang magtimbang at magsaayos ng kanilang mga opinyon ang mga pilosoper, kung kaya nagmumukha silang palagiang ‘huli’ sa tawag ng panahon. Tingnan: Emerita S. Quito, “Pulong-Isip: Meeting of Filipino Minds,” *Karunungan* 3 (1986): 1.

Totoo kayang madalas na nahuhuli ang pilosoper sa 'tawag ng panahon?" Kung gayon, marahil ay 'tanghali' nang nagising ang ating mga pilosoper. Subalit, tulad ng nauna ko nang nabanggit, hindi naman natin sila lubos na masisisi sa naipunlang pagkailang sa kritikal na aspekto ng Pilosopiyang Filipino.

Ngunit sa kabila ng mga pagdududang ito, at sa makaldag na lakbayin ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino, masasabi pa rin nating unti-unti na muling umigting ang diskursong ito mula nang mabansot ito noong Dekada '70. Buhat ng lalong lumalakas na panawagan na mamulat at mangialam, na gampanan ang pagiging kritiko ng lipunan, isang panibagong 'paggising' ang kinahaharap ng ating mga pilosoper pagkatapos ng malagim na diktadurya. Mula sa pagpapailalim sa isang 'kulturang pinatahimik'[37], unti-unting nagtangka ang ating mga pilosoper na buhayin ang kritikal na diwa ng Pamimilosopiyang Filipino.

Sa pakiwari ko, mahahati natin sa dalawang uri ng pamamaraan ang mga tradisyon na umusbong sa muling pag-igting ng Kritikal na Pilosopiyang Filipino: isang Kritikal na Pilosopiyang Filipinong nakabatay sa apropyasyon ng mga banyagang teorya upang masuri ang lipunang Filipino, at isang Kritikal na Pilosopiyang Filipinong bunga ng likas na pagmumuni ng ating mga pilosoper hinggil sa mga isyung panlipunan na tila may mala-homilyang estruktura.

Sa unang pamamaraan, mainam na halimbawa dito ang mga iskolar na namulat sa tradisyon ng kanluraning pilosopiya, lalo't higit—subalit hindi eksklusibo—sa tradisyon ng kritikal na pilosopiya sa Frankfurt School. Bagaman laganap na ang diskursong ito sa iba't ibang institusyon ng pilosopiya sa Filipinas, maaari tayong magbanggit ng ilang natatanging pangalan ng mga iskolar na sumasalamin sa pamamaraang ito tulad nina Franz Giuseppe Cortez na tinangkang palutangin ang maaaring kontribusyon ng kritikal na pedagohiya ni Paulo Freire upang

37 Sa kanyang pagsusuri ng ebolusyon ng ating kasaysayan, isinalin ni Abulad ang terminong ito mula sa pilosoper na si Paulo Freire upang tumbasan ang resulta ng 'pagsupil sa isip ng tao'. Tingnan sa Romualdo E. Abulad, "Ang Teorya ng Ebolusyon," Daop Diwa 4–5 (1979): 61.

suriin ang estado ng edukasyon sa Filipinas[38], Agustin Martin Rodriguez at ang kanyang mga apropyasyon sa pamimilosopiya ni Habermas, Derrida, at iba pang kasapi ng *Frankfurt School* upang mapag-usapan ang mga konsepto ng hustisya at demokrasya sa lipunang Filipino[39], at Jeffrey Ocay at ang apropyasyon niya sa pamimilosopiya ni Herbert Mrcuse upang bigyang-kahulugan ang isang pausbong na 'Kritikal na Pilosopiya sa Laylayan' (*Critical Theory at the Margins*)[40].

Nagmumula sa isang mas matandang tradisyon naman ang pangalawang pamamaraan. Pinakamababanaagan ang mga 'mala-homilyang kritikang' ito sa unang henerasyon ng mga Filipinong pilosoper. Bilang halimbawa, mailulugar natin sa pamamaraang ito si Emerita Quito at ang kanyang mga puna't pagsusuri hinggil sa edukasyon at moralidad ng parusang kamatayan[41], si Florentino Timbreza at ang kanyang mga babala hinggil sa pagbagsak ng administrasyon ni

38 Ilang mga halimbawa ng mga akda ni Cortez na nakatuon sa itong layunin ang "The Philippine Engagement with Paulo Freire" (2013), "The Overcoming of Violence: Paulo Freire on the Use of Violence for Social Transformation" (2016), at ang kanyang disertasyon na may pamagat na "Towards a Freirean Liberating Pedagogy in the Philippines: Prospects in Three Filipino Intellectuals" (2013). Tingnan: Franz Giuseppe Cortez, "The Philippine Engagement with Paulo Freire," *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 7, no. 2 (2013): 50–70, https://doi.org/10.25138/7.2.a.4; "The Overcoming of Violence: Paulo Freire on the Use of Violence for Social Transformation," Kritike: An Online Journal of Philosophy 10, no. 2 (2016): 68–83, https://doi.org/10.25138/10.2.a.6; "Towards a Freirean Liberating Pedagogy in the Philippines: Prospects in Three Filipino Intellectuals" (Dissertation, Manila, University of Santo Tomas, 2013).

39 Mainam na mga halimbawa dito ang mga libro ni Rodriguez na "Governing the Other: Exploring the Discourse of Democracy in a Multiverse of Reason" (2009) at "May Laro ang Diskurso ng Katarungan" (2014). Tingnan: Agustin Martin Rodriguez, *Governing the Other: Exploring the Discourse of Democracy in a Multiverse of Reason* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2009); Agustin Martin Rodriguez, *May Laro Ang Diskurso Ng Katarungan* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014).

40 Tingnan: Jeffry Ocay, "The Peasant Movement and Great Refusal in the Philippines: Situating Critical Theory at the Margins," *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 12, no. 3 (2019): 43–67, https://doi.org/10.25138/12.3a3.

41 Bilang halimbawa, tingnan ang: Emerita S. Quito, "Pilosopiya Ng Edukasyon Sa Diwang Pilipino," *Malay* 4 (1985): 1–5; "Pro-Death Penalty: Here and Now," *Karunungan: A Journal of Philosophy* 17 (2000): 7–8.

Estrada at sa krisis ng moralidad na kinahaharap ng lipunang Filipino[42], si Alfredo Co at ang kanyang mga pagsusuri sa naganap na rebolusyon sa EDSA[43], at si Romualdo Abulad, sa kanyang pagpuna hinggil sa pagpapahalagang Filipino at sa diktaduryang Marcos[44].

Bagaman magkaiba ang mga pamamaraan ng dalawang tradisyong ito, mababanaagan pa rin natin ang iisang tunguhin ng ating mga pilosoper: na hubarin ang patong-patong na mga maskara ng iba't ibang aspekto ng lipunan tungo sa paglalantad ng mga problemang bumabalot dito. Mula sa paulit-ulit na proseso ng pagsusuri-paglalantad, bumubuo ng espasyo ang pilosoper upang maisailalim ang mga isyung ito sa isang mainam na kultura ng talastasan[45], upang datapwa'y makapag-udyok, maliit man o malaki, ng isang pagbabagong panlipunan.

**Paglalagom**

Makikita natin sa ginanap nating pagsulyap sa ilang mga yugto ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino na tunay ngang malayo na ang narating nito. Mula sa hanay ng mga katipunero't propagandista na naghangad ng pag-alpas at pagbabago para sa Inang Bayan

42 Bilang halimbawa, tingnan ang: Florentino T. Timbreza, "Walang Kaibigan, Walang Kumpare at Walang Kamag-Anak," *Karunungan: A Journal of Philosophy* 18 (2001): 1–10; "A Crisis of Ethics in Philippine Society," *Karunungan: A Journal of Philosophy* 25 (2008): 133–49.

43 Bilang halimbawa, tingnan ang: Alfredo P. Co, "Bakit, Pinoy, Bakit?" in *Across the Philosophical Silk Road: A Festschrift in Honor of Alfredo P. Co*, vol. VI (Manila: UST Publishing House, 2009), 12–14.

44 Bilang halimbawa, tingnan ang: Romualdo E. Abulad, "Mga Puna Tungo Sa Pag-Asa," *Daop Diwa* 2 (1978): 27–30; "Ang Diwa at Kaisipan Ng Pilipino Sa Kasaysayan Ng Himagsikan," *Malay* 5 (1986): 37–46.

45 Minarapat kong gamitin ang salitang "talastasan" batay sa pagpapakahulugan nito nila Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan sa introduksyon ng librong "Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan – Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan" (2000). Wika nila, "Kaiba sa konseptong *diskurso* na nakalimita sa ideya ng pagpapalitan ng kurukuro, ang *talastasan* ay higit na masaklaw. Mayroon itong ispesipikong tunguhin: pinuhin at pahusayin ang paksang pinag-uusapan." *Pinuhin at pahusayin ang paksang pinag-uusapan*—pakiwari ko, ito ang tunguhin ng mga kritikal na pagsusuri ng ating mga pilosoper. Sa ganitong pagpipino at paghuhusay, nailalantad ang mga awtentikong mukha ng mga isyung bumabagabag sa lipunang kanilang ginagalawan.

patungo sa mga intelektwal na nakibaka laban sa paniniil ng kalayaang magpahayag sa lipunan at sa akademya, mababanaagang hindi lamang sila nakukulong sa katawagan ng isang ‘pilosoper’, bagkus kapwa rin silang nagsisilbi bilang salamin at kritiko ng kanilang lipunang ginagalawan. Sa pagsasalaming ito, maaari tayong makapag-ungkat ng mga pilosopikal na sentimyento bunga ng kanilang mga pagsusuri, pamumuna, at sa paglalantad sa mga isyung bumabalot sa kanilang kinaiiralang panahon.

Sa dako naman ng mga kaganapan noong Dekada ’70, bagaman malaking trawma ang naidulot ng halos isang dekadang pagkakailalim sa diktadurya, mababanaagang tinangka pa ring ng ating mga pilosoper na hubaran ng patong-patong na mga maskara ang mga isyung bumabalot sa kanilang lipunan kanilang papel bilang kritiko ng lipunan. Mula sa pagkabansot ng kritikal na aspekto ng Pilosopiyang Filipino hanggang sa muling pag-igting nito nang mapatalsik ang diktador, inakay ng mga unang henerasyon ang diskursong ito tungo sa kapansin-pansing pagyabong nito sa pagpasok ng ika-21 siglo, at sa pagsasanga ng mga pamamaraang nakapaloob dito upang tumugon sa gampanin ng pilosoper bilang kritiko ng makabagong panahon.

Ang nababanaagang pagsasanga ng mga pamamaraang nakapaloob sa Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino ay hindi nararapat basahin bilang negatibong epekto ng masalimuot na kasaysayan nito, bagaman isang pagtugon sa tawag ng panahon, lalo’t higit sa kasalukuyang hamon sa mga iskolar ng pilosopiya na manatiling bukas at mapanuri sa mga isyung patuloy na lumulutang sa patuloy na paggiling ng kasaysayan. Samakatwid, nagsisilbing ambag ang mga nagsusulputang pamamaraang ito sa lalong pagpapatalas ng ating mga pagpuna’t pagsusuri sa hinaharap—mga panibagong paglalapat ng proseso ng pagsusuri-paglalantad na isinasagawa ng pilosoper bilang kritiko. Maaaring sa hinaharap, may mga lumitaw pang taal na pamamaraan mula sa hanay ng ating mga pilosoper, at kapag dumating ang hinaharap na iyon, nawa’y bigyang-pansin din natin ang kanilang mga pagpapagal at pagtatangka, upang datapwa’y masipat din natin ang maaari nilang ambag sa lalong pagpapayapong ng Kritikal na Pilosopiyang Filipino sa hinaharap.

Bilang panghuli, makikita nating mahalagang masipat ang ilang mahahalagang yugtong ito sa kasaysayan ng Kritikal na

Pamimilosopiyang Filipino upang magsilbing paalala sa naging ambag ng pilosoper bilang kritiko sa kanyang lipunan at sa maaari pa niyang maging ambag sa hinaharap. Sa kabila ng makaldag na naging lakbayin ng Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino, at sa pagbabagong-anyo ng mga isyu't pamamaraang nakapaloob dito sa pagdaan ng panahon, nananatiling maigting pa rin ang hamong kaakibat ng pilosoper bilang kritiko, lalo't higit ng kanyang kontemporaneong panahon.

## MGA SANGGUNIAN


Abulad, Romualdo E. "Contemporary Filipino Philosophy." *Karunungan* 5 (1988): 1–13.

———. "Mga Puna Tungo Sa Pag-Asa." *Daop Diwa* 2 (1978): 27–30.

Alfonso, Ian Christopher B. "Ang Paninindigan Ng Mga Anak Ng Bulakan." In *Bulakan: Pag-Alaala Sa Biyaya Ng Nakaraan*, 1:46–55. Bahay-Saliksikan ng Bulacan (Center for Bulacan Studies), Bulacan State University, 2012.

Almario, Virgilio S. *Ang Tungkulin Ng Kritisismo Sa Filipinas*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014.

Atim, Ben Carlo N. "Ang Diskurso ni Feorillo Petronilo Demeterio Tungkol sa Pilosopiyang Pilipino: Isang Pagsusuri." *Kritike* 11, no. 2 (2017): 28–53.

Bolaños, Paolo A. "What Is Critical Theory? Max Horkheimer and the Makings of the Frankfurt School Tradition." *Mabini Review* 2, no. 1 (2013): 1–19.

Bonifacio, Andres. "Ang Dapat Mabatid Ng Mga Tagalog," 1896. http://www.kasaysayan-kkk.info/kalayaan-the-katipunan-newspaper/andres-bonifacio-ang-dapat-mabatid-ng-mga-tagalog-c-march-1896.

———. "Marahas Na Manga Anak Ng Bayan," 1897. http://www.kasaysayan-kkk.info/cavite-politics-in-a-time-of-revolution/andres-bonifacio-mararahas-na-manga-anak-ng-bayan-february-or-march-1897.

Co, Alfredo P. "Doing Philosophy in the Philippines: Fifty Years Ago, Fifty Years from Now." In *Across the Philosophical Silk Road: A Festschrift in Honor of Alfredo P. Co*, VI:49–62. Manila: UST Publishing House, 2009.

———. "In the Beginning... A Petit Personal Historical Narrative of the Beginning of Philosophy in the Philippines." In *Doing Philosophy in the Philippines and Other Essays, by Alfredo P. Co*, 28–46. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2009.

Deleña, Mary Irene Clare O., Joshua Mariz B. Felicilda, and Leslie Anne L. Liwanag. "Si Demeterio at ang Pilosopiyang Pilipino: Pakikipanayam Tungkol sa Kanyang Ika-25 na Taong Pamimilosopiya." *Kritike* 12, no. 1 (2018): 98–139.

Demeterio, Feorillo Petronillo A., III. "Ang Kallipolis at Ang Ating Kasalukuyang Lipunan: Isang Pakikipagdiyalogo Ng Kritikal Na Pilosopiyang Filipino Sa Ang Republika Ni Platon." *Malay* 24, no. 1 (2011): 1–28.

———. "The Intellectual Heritage of the Pioneering Lasallian Philosophers. Hindi Pa Nalathalang Manuskrito," n.d.

———. "Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy." *Philippiniana Sacra* XLIX (2014): 189–230.

———. "Status and Directions for 'Filipino Philosophy' in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co"." Φιλοσοφία: *International Journal of Philosophy* 14, no. 2 (2013): 186–215.

———. "Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy." *HINGOWA: The Holy Rosary Seminary Journal* 8, no. 2 (2003): 45–73.

Jacinto, Emilio. "Gising Na Mga Tagalog!," 1895. http://www.kasaysayan-kkk.info/1892-1895/emilio-jacinto-gising-na-mga-tagalog.

———. "Gomez, Burgos at Zamora!," 1896. http://www.kasaysayan-kkk.info/kalayaan-the-katipunan-newspaper/emilio-jacinto-gomez-burgos-at-zamora-april-30-1896.

———. "Pahayag," 1896. http://www.kasaysayan-kkk.info/kalayaan-the-katipunan-newspaper/emilio-jacinto-pahayag-c-march-1896.

———. "Sa Bayang Tinubuan," undated. http://www.kasaysayan-kkk.info/kalayaan-the-katipunan-newspaper/emilio-jacinto-sa-bayang-tinubuan-undated.

de Leon, Emmanuel C. "Ang Pilosopiya at Pamimilosopiya ni Roque J. Ferriols, S.J.: Tungo sa Isang Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino." *Kritike* 9, no. 2 (2015): 28–50.

———. *Mga Tomasino Sa Pilosopiyang Filipino*. Lungsod ng Maynila: Aklat ng Bayan, 2019.

———. "Sulyap Sa Kritisismo Ni Romualdo Abulad Sa Pamimilosopiyang Filipino." *Hasaan*, 2019, 26–38.

Mabini, Apolinario. "The Philippine Revolution." Translated by Leon Ma. Guerrero, 1931. http://malacanang.gov.ph/8143-the-philippine-revolution-by-apolinario-mabini/.

Mojares, Resil B. *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T. H. Pardo de Tavera, Isabelo de Los Reyes and the Production of Modern Knowledge*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2006.

———. *Interrogations in Philippine Cultural History*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017.

Nakpil-Zialcita, Fernando. "Mga Anyo Ng Pilosopiyang Pilipino." In *Mga Babasahin Sa Pilosopiya: Epistemolohiya, Lohika, Wika at Pilosopiyang Pilipino*, edited by Virgilio Enriquez, translated by Nicanor Tiongson. Manila: Philippine Psychology Research and Training House, 1983.

Quito, Emerita S. "Philosophy as a Critique of Society." *Karunungan: A Journal of Philosophy* 19 (2002): 38–45.

———. "Pulong-Isip: Meeting of Filipino Minds." *Karunungan* 3 (1986): 1–29.

———. "The Role of the Philosopher as Social Thinker and Critic, Revisited." *Suri* 2, no. 2 (2014): 4–19.

———. *The State of Philosophy in the Philippines*. Manila: De La Salle University Research Center, 1983.

Salazar, Zeus A. *Ang Kartilya Ni Emilio Jacinto at Ang Diwang Pilipino Sa Agos Ng Kasaysayan*. Mga Pag-Aaral Sa Kasaysayan Ng Pilipinas 6. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1999.

———. *Wika Ng Himagsikan, Lengguwahe Ng Rebolusyon*. Mga Pag-Aaral Sa Kasaysayan Ng Pilipinas 8. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1999.

Timbreza, Florentino T. "Mga Tagapaghawan Ng Landas Ng Pilosopiyang Filipino." In *Sariling Wika at Pilosopiyang Filipino*, 22–37. Lungsod ng Quezon: C&E Publishing, 2008.

Valenzuela, Pio. "Katuiran Din Naman!," 1896. http://www.kasaysayan-kkk.info/kalayaan-the-katipunan-newspaper/pio-valenzuela-katuiran-din-naman-c-march-1896.